Office of the Public Advocate

Tagalog (Filipino)

What happens if someone in my family can't make decisions because of disability, illness or injury?

# Ano ang mangyayari kung isa sa aking pamilya ay hindi makagawa ng desisyon dahil sa kapansanan, karamdaman o pinsala?

Ang mga taong nasa hustong gulang ay may karapatang gumawa ng kanilang sariling mga desisyon tungkol sa kanilang buhay.

Ngunit kung minsan ang mga nasa hustong gulang ay hindi makagawa ng mga desisyon dahil sa kapansanan, karamdaman o pinsala. Halimbawa, malubhang demensya.

Maaaring piliin ng mga taong nasa hustong gulang na ibang tao ang gumawa ng mga desisyon para sa kanila kung, sa hinaharap, ay hindi na sila makagawa ng sariling mga desisyon.

Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagpuno sa isang natatanging form na tinatawag na 'enduring power of attorney'.

Kung hindi nila gagawin ito at hindi sila makagawa ng mga desisyon dahil sa kapansanan, karamdaman o pinsala, may isang tribyunal na maaaring makatulong. Ito ay tinatawag na 'Victorian Civil and Administrative Tribunal (VCAT)'.

Maaaring piliin ng VCAT ang ibang tao upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga pera at ari-arian (tinatawag na 'administrator' (tagapangasiwa)) ng isang tao.

Maaaring piliin ng VCAT ang ibang tao upang gumawa ng desisyon tungkol sa estilo ng pamumuhay ng isang tao (tinatawag na 'guardian' (tagapangalaga)).

Halimbawa, maaaring ito ay isang desisyon tungkol sa lugar na tinitirhan ng isang tao o kung anu-anong mga serbisyo ang kailangan niya, gaya ng tulong sa bahay.

## Mga desisyon sa medikal na paggamot

Sinasabi ng batas kung sino ang maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga medikal na paggamot para sa isang tao (kung ang taong ito ay hindi makagawa ng sariling mga desisyon). Halimbawa, ito ay maaaring ang asawang lalaki o asawang babae ng isang tao, o anak na nasa hustong gulang.

## Kung mayroon kang anumang mga tanong

Maaari mong tawagan ang Office of the Public Advocate (Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtaguyod) para mapayuhan sa 1300 309 337 o bisitahin ang **www.publicadvocate.vic.gov.au**

Interpreter

Maaari kang humiling ng serbisyo ng isang interpreter sa telepono.

2019